



**lalawigan ng
san diego**



*pinuprotektahan ng mulch
ang nalantad na lupa*



pang-iwas ng erosyon ang fiber rolls

iwasan at kontrolin ang erosyon

Ang erosyon ay maaaring mangyari dahil sa maraming mga sitwasyon, ngunit kadalasang nakakaapekto sa mga homeowner ang mga pangyayari tulad ng pagkatapos ng ulan. Ang mga sedimento mula sa mga gumuhong lupa na pumapasok sa mga sistema ng storm drain ay maaaring magdulot ng problema sa ating mga daanan ng tubig dahil napupuno nito ang mga batis at nahaharangan ang sikat ng araw na kailangan ng mga organismo upang mabuhay. Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig.

Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na mahigit sa 50% ng mga residente ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.




Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon, kabilang na ang mga sedimento mula sa erosyon, ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

Ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang tip para maiwasan ang pinsala sa inyong bahay at hindi makapasok ang sedimento sa sistema ng storm drain.

iwasan

Ang pinakamagandang paraan upang maiwasang mapinsala ng sedimento ang mga bahay at mapunta sa mga storm drain ay ang iwasan itong mangyari sa pamamagitan ng tinatawag na Best Management Practices (BMPs). Ang ilang mga bahagi ng inyong bahay ay maaaring mas may panganib na gumuho kaysa sa iba. Gamitin ang ilustrasyong Pag-iwas sa Erosyon para makatulong na tukuyin ang mga bahaging dapat ingatan at ang mga BMP na dapat ilagay upang maiwasan ang erosyon.

FIGURE 1 Pag-iwas sa Erosyon



**Kumonsulta sa propesyunal sa landscape para matulungan sa mga slope na higit sa 50%.*

kontrolin

Ang pinakamahusay na mga plano ay kadalasang hindi nangyayari. Kung sakaling maranasan ninyo ang sitwasyon kung saan kasalukuyang problema ang erosyon at pagbaha, gamitin ang mga tip sa kabilang pahina upang pansamantalang maiwasan ang mas matindi pang pinsala at makontrol ang erosyon habang isinasagawa ang mga mas permanenteng solusyon, tulad ng pagtatanim.



Mga Sandbag

Layunin: Pansamantalang humaharap upang mailayo ang gumuhong lupa at tubig sa mga propyedad at kalsada.

Saan gagamitin: Ito ay pinagpapatong-patong na nakasandal sa pader, upang mailayo ang gumuhong lupa at tubig sa mga gusali, upang maidirekta ang agos sa pagitan ng mga gusali, upang maiwasan ang tubig na mapunta sa purong lupa.

Paano gagamitin: Ilagay ang mga sandbag nang nakahilera nang walang anumang puwang sa pagitan ng mga bag (tingnan ang figure 2). Ilagay ang bag sa lugar, pagsalit-salitin ang mga patong at kumpletuhin ang bawat hanay bago magsimula ng panibago. Pagpatungin ang 2 sandbag hanggang 3 sandbag o gumamit ng pyramid stacking kapag kailangan ng mas mataas. Para makakita ng mga halimbawa ng maayos na nakapatong-patong na sandbag, bisitahin ang <https://youtu.be/Tbr9QlrutZ4>.

Tandaan: Hindi dapat maglagay ng mga sandbag sa mga slope o sa palibot ng pundasyon. Bigyang-pansin kung saan nakadirekta ang agos dahil ipinagbabawal ng batas na idirekta ito sa paraang makakaapekto nang masama sa inyong mga kapitbahay. Para malaman kung saan maaaring makakuha ng mga libreng sandbag sa inyong lugar, bisitahin ang www.readysandiego.org/flooding/.


FIGURE 2

Pagbuo ng Pangharang na Sandbag



FIGURE 3

Paggamit ng mga Fiber Rolls (Straw Wattles)



Fiber Rolls (Straw Wattles)

Layunin: Pinapabagal ang paggalaw ng tubig sa isang lugar at tumutulong na ma-trap ang mga sedimento.

Saan gagamitin: Sa tapat ng harap ng slope, sa ibabaw at ilalim ng mga slope, sa palibot ng mga loteng apektado ng sunog.

Paano gagamitin: Dapat na bahagyang nakabaon ang mga fiber roll at nahaharap ng mga kahoy na tukod. Tingnan ang figure 3.

Tandaan: Kailangang ayusin o palitan ang mga fiber roll kapag nahati o napunit. Dapat alisin ang mga sedimentong umaabot sa 3/4 ng taas ng roll. Makikita ang mga fiber roll sa mga karaniwang mga tindahang pang-home improvement.

Mulch

Layunin: Pansamantalang pinuprotektahan ang nalantad na lupa mula sa pagguho dahil sa ulan at hangin.


Saan gagamitin: Sa mga bahaging purong lupa, depende sa slope. Tingnan ang figure 4 para sa detalye.

Paano gagamitin: Dapat na ilagay ang mga straw o ang mga wood chip nang ilang pulgada mula sa lupa. Maaari ding gamitin ang mga wood chip na 2 pulgada ang lalim bilang pantakip na patong batay sa mga hinihingi ng slope at ng kondisyon ng lupa.

Tandaan: Gamitin ang mulch kasabay ng ibang metodo tulad ng mga fiber roll para sa mas maayos na mga benepisyo. Mahalagang ilagay nang maayos ang mulch upang maiwasan itong makalabas ng inyong propyedad, kung mangyayari ito, masasayang ang mulch at mas lalong makokontamina ang ating mga daanan ng tubig.

FIGURE 4

Paano Mag-mulch



Para sa kargadang impormasyon sa mga gravel bag at iba pang BMP, tingnan ang flyer na mga BMP sa Erosyon at Sedimento.

Para sa mas Maraming Impormasyon

1-888-846-0800

watersheds@sdcounty.ca.gov | www.sandiegocounty.gov/stormwater

